# Mag-Kooperatiba Tayo!

Narito ang mga Hakbang

## Pagdedeklara ng Oktubre 16 hangggang Nobyembre 15 taun-taon bilang Buwan ng Kooperatiba

"Samantala, patakaran ng bansa na paunlarin ang pagtatayo at pagsulong ng mga kooperatiba bilang isang paraan sa pagpapataas ng kita at kakayahang makapamili ang mahihirap na mamamayan tungo sa pagkakaroon ng mas pantay na paghahati-hati ng kita at kayamanan ng bansa ayon sa inihahayag ng Presidential Decree No. 175 na may petsang 14 Abril 1973;

"... ang panahong mula Oktubre 16 hanggang Nobyembre 15 ng bawat taon ay ideneklarang buwan ng kooperatiba, upang lalong mapasigla ang masigasig na partisipasyon ng higit na nakararaming mamamayan sa pambansang pagsulong sa pamamagitan ng kooperatiba at upang ang ating mga mamamayan ay lalong maakit na makisali sa mga kooperatiba at higit na mapaunlad ang lipunan at ekonomiya ng bansa."


## Anu-ano ang uri ng kooperatiba?

- **Credit Cooperative** - tinuturuan nitong magtipid ang mga miyembro at nag-iipon ng pondo upang maipahiram para sa kapaki-pakinabang na kadahilanan.
- **Consumer Cooperative** - pangunahing layunin nito ang mamili at magbenta ng mga paninda sa mga miyembro at di-miyembro.
- **Producers Cooperative** - magkakasamang gumagawa ng produkto na maaaring pansakahan o industriya.
- **Marketing Cooperative** - ang kooperatiba ay nagbibili ng suplay para sa produksyon ng mga miyembro at ipinagbibili naman ng kooperatiba ang mga ani ng miyembro.
- **Service Cooperative** - sumasaklaw sa gawaing may kinalaman sa pangangalaga ng kalusugan, pamamalakad ng ospital, sasakyan, seguro, pabahay, trabaho, kuryente, komunikasyon at iba pa.
- **Multi-Purpose Cooperative** - pinaghalong dalawa o higit pang gawain ng mga unang nabanggit.

## Ano ba ang kooperatiba?

Ang kooperatiba ay isang rehistradong asosasyon o samahan ng mga tao, na binuklod ng iisang interes, na kusang loob na nagsama-sama upang makamit ang iisang layunin tungo sa pag-unlad ng kanilang lipunan at ekonomiya, na nag-ambag ng kanilang pera para sa kailangang puhunan at nagkakasundong paghahati-hatian ang mga benepisyo at pagkalugi sa iisang gawain ayon sa pandaigdigang patakaran ng kooperatiba.

Sa pagtatayo ng isang kooperatiba, pinagsasama-sama ang mga puhunan, kakayahang pangkaisipan, at gawain upang gumawa ng mas maraming produkto at mapalaki ang kita. Sa pamamagitan ng kooperatiba, maaari kayong humanap ng karagdagang puhunan o pautang sa mababang interes sa halip na mangutang sa mga sobrang magpatubo o usurero. Maaari ring magamit ang mga kooperatiba sa pagbebenta ng inyong mga produkto.



## Anu-ano ang mga pangunahing hakbang sa pagtatayo ng kooperatiba?

May anim na mahahalagang hakbang sa pagtatayo ng kooperatiba. Una, bumuo muna ng grupo na hindi bababa sa 15 na magiging kasapi rito.

Alamin kaagad kung ano ang karaniwan ninyong problema na kailangang lutasin at ang mga pangunahing pangangailangan na dapat ibigay sa pamamagitan ng kooperatiba. Maaari ninyong isama ang pagtaas ng inyong produksyon, pagbebenta ng inyong produkto, tulong na pautang, pagbibigay ng elektrisidad, bangko o seguro at iba pang katulad na mga tulong.

Ang pagtukoy sa inyong mga problema at pangangailangan ay makakatulong din sa pagpapasiya kung anong uri ng kooperatiba ang inyong itatayo.

**Una**, bago pa man itayo ang isang kooperatiba, kailangang may mga tao nang nakahandang mangasiwa sa lahat ng mga kailangang papeles at anumang dapat gawin. Mula sa grupong ito, dapat bumuo ng mga nagtatrabahong komite (*working committee*) upang maging mabilis at tuloy-tuloy ang trabaho. Maaaring isama sa mga komiteng ito ang pagsapi, pinansyal, tagapangasiwa (*executive*), at secretariat.

**Pangalawa**, gumawa ng isang pagkalahatang ulat (*general statement*) o ang tinatawag na pagsusuri sa ekonomiya (*economic survey*). Ang ulat na ito ay makakatulong upang matantiya ang tagumpay ng inyong kooperatiba.

**Pangatlo**, gumawa ng panuntunang panloob (*by-laws*) ng kooperatiba. Nakasaad sa panuntunang panloob na ito ang mga alituntunin at regulasyon tungkol sa pagpapatakbo ng kooperatiba.

**Pang-apat**, gumawa ng artikulo ng kooperasyon (*articles of cooperation*). Nakasaad dito ang pangalan ng kooperatiba, ang lahat ng miyembro, gaano katagal ito magkakabisa at iba pang mahahalagang pagsasalarawan ng kooperatiba.

**Panlima**, hingan ng garantiya (*bond*) ang hahawak ng pananalapi ng kooperatiba, na karaniwan ay ang tesorero, o ang tesorero at tagapangasiwa (*manager*). Ang halaga ng garantiya ay pagkakasunduan ng Lupon ng Tagapamahala (*Board of Directors*), base sa panimulang puhunan ng kooperatiba na kinabibilangan ng hawak na puhunan (*paid-up capital*), butaw (*membership fees*) at iba pang kagamitan ng kooperatiba sa panahon ng pagpapatala nito.



**Pang-anim**, ipatala ang inyong kooperatiba sa **Cooperative Development Authority (CDA)**.Magsumite ng apat na kopya ng Pagsusuri sa Ekonomiya (*Economic Survey*), Panuntunang Panloob at Artikulo ng Kooperasyon (*By-laws and Articles of Cooperation*), at Garantiya ng Mananagot na Opisyal (*Bond of Accountable Oficer/s*).

Sa bawat hakbang, maaari kayong kumunsulta sa **CDA**, sa mga lokal na sangay ng pamahalaan (*local government units*) at sa **Cooperative Development Council** sa inyong lugar. Binibigyang diin ng **CDA** ang kahalagahan ng kaalaman at edukasyon sa tagumpay ng inyong kooperatiba.

## Anu-ano ang mga panuntunang panloob pangkooperatiba?

Ang mga panuntunang panloob (*By-laws*) ay ang mga patakaran na nagbibigay ng kahulugan at paraan kung paano mapapatakbo ang isang kooperatiba nang walang kaguluhan o kalituhan.

Sa pangkalahatang usapin, ang mga panuntunang panloob ay nararapat na naaayon sa mga kondisyong nakasaad sa **Cooperative Code of the Philippines (RA 6938)**. Napapaloob sa mga panuntunang panloob na ito ang mga: katangian sa pagsali o pagmimiyembro; kung paano ito nakakamit, napapanatili at nawawala; karapatan at tungkulin ng mga miyembro; alituntunin sa paglipat ng bahagi (*share*) o interes; patakaran at pamamaraan na may kinalaman sa agenda, oras, lugar at paraan ng pagtawag, pagtitipon, pagsasagawa ng mga pagpupulong, ang kinakailangang bilang sa korum, ang mga sistema sa pagboto; at iba pang mga bagay na may kinalaman sa lahat ng mga miyembro, lupon ng mga patnugot/tagapamahala, at mga komite; pangkalahatang pangangasiwa sa mga bagay na may kinalaman sa lahat ng mga miyembro, lupon ng mga patnugot/tagapamahala, komite at mga namumuno nito, at kung sila ay karapat-dapat o di karapat-dapat sa kanilang mga tungkulin; pamamaraan sa pagpapataas ng kapital at ang mga layunin na maaaring paggamitan ng mga kapital na ito; ang pamamaraan ng pag-iingat at pamumuhunan sa mga natirang tinubo (*net surplus*); sistema ng pagtutuos at pagsusuri (*accounting and auditing*); mga pamamaraan at limitasyon ng pagpapautang at pangungutang; paraan ng pagbibigayan ng mga natirang tinubo; pamamaraan ng pagpapatibay, pagsusog, at pagpapawalang-bisa sa mga panuntunang panloob; pamamaraan ng pagkakasundo at pamamagitan para sa matiwasay na pagsasaayos ng mga hindi pagkakaunawaan ng mga miyembro, tagapamahala, pamunuan at komite; at iba pang mga bagay-bagay na nauukol sa mga layunin at gawain ng kooperatiba.

## Ano ang nakasaad sa artikulo ng kooperasyon (*Articles of Cooperation*)?

Ang Artikulo ng Kooperasyon (*Articles of Cooperation*) ay isang notaryadong dokumento na bumibigkis sa mga lumagda sa pagtatayo ng kooperatiba.

Dapat nakasaad dito ang mga sumusunod:

- ang pangalan ng kooperatiba na kailangang nakalagay ang salitang "kooperatiba," halimbawa, Sta. Maria Multi-Purpose Cooperative; ang layunin o mga layunin at saklaw ng negosyo;
- ang itatagal ng buhay ng kooperatiba (hindi hihigit sa 50 taon);
- ang lugar na pagtatayuan ng kooperatiba at ang direksyong nakatala sa koreo (*postal address*) ng punong tanggapan nito;
- ang mga pangalan, nasyonalidad, at ang *postal address* ng mga kasapi rito;
- ang pangkalahatang garantiya ng pagiging miyembro (*common bond of membership*);
- ang mga pangalan ng mga direktor na siyang mangangasiwa sa kooperatiba; at
- ang halaga ng kapital, ang pangalan at tirahan ng mga miyembro at isang pahayag kung ang kooperatiba ay primera, segundaryo o tersera ayon sa nakasaad sa **Artikulo 23 ng R.A. 6938**.

## Ano ang pagsusuri sa ekonomiya (*Economic Survey*)?

Ang pagsusuri sa ekonomiya ay isang pahayag na naglalarawan ng balangkas, layunin, ang kasiguruhan sa ekonomiya (*economic feasibility*) ng binabalak na kooperatiba, lugar na pagtatayuan ng kooperatiba, dami ng miyembro at iba pang kailangang datos. Kung tutuusin, isa na itong *project feasibility study*. Naglalarawan ito ng isang uri ng kooperatibang itatayo, maging ito ay isang primera, segundaryo o tersera o maging ito ay isang nagpapautang, nagbibili, pangtransportasyon, o anumang uri ng kooperatiba.

Nakasaad sa layunin ang mga pangunahin at pangalawang adhikain sa pagtatayo ng kooperatiba. Ang lugar ng pagtatayuan ng kooperatiba ay nagpapakita lamang ng kinalalagyan at lawak ng mararating ng kooperatiba. Halimbawa, ang isang kooperatiba ay maaaring itayo sa Lungsod ng Kalookan, o maaari itong itayo sa lugar ng mga magsasaka. Mahalaga ang bilang ng mga kasapi sa kooperatiba upang maitakda ang hangganan ng operasyon nito. Malaki ang kaugnayan nito sa laki ng kooperatiba.

Ang pinakamahalagang bahagi ng pagsusuri (*survey*) ay ang pagsusuri sa ekonomiya (*economic feasibility*). Kinakalkula ng mga nagbabalak maging miyembro ng kooperatiba ang mga gastos at kikitain nila. Nakikini-kinita nila ang posibleng paglago ng kooperatiba sa loob ng ilang panahon, maaaring limang taon, at kung paano madadagdagan ang kanilang kita at gastusin sa paglagong ito. Sinisikap din nitong alamin ang maaaring maging sagabal at kung paano ito haharapin.

## Saan kayo magpaparehistro ng isang kooperatiba?

Ang **Cooperative Development Authority** ay ang nag-iisang ahensya ng pamahalaan na binigyan ng kapangyarihan upang itala ang lahat ng uri ng kooperatiba.

Ang kanilang punong tanggapan ay matatagpuan sa ikalima at ikaanim na palapag ng gusali ng BEN-LOR, 1184 Quezon Ave., Quezon City. Upang mapabilis ang daloy ng serbisyo, nagtayo sila ng mga dagdag tangggapan. Ang mga ito ay matatagpuan sa (1) Dagupan City; (2) Tuguegarao, Cagayan; (3) Baguio City; (4) Sto. Tomas, Pampanga; (5) Manila Extension Office (MEO), Quezon Avenue, Quezon City; (6) Calamba, Laguna; (7) Naga City; (8) Iloilo City; (9) Cebu City; (10) Tacloban City; (11) Pagadian City; (12) Cagayan de Oro City; (13) Davao City; at (14) Kidapawan, Cotabato.

## Ano ang pangkalahatang kailangan sa pagpapatala ng isang kooperatiba?

Kinakailangang magsumite ng apat na kopya ng *economic survey, by-laws*, at *articles of cooperation*.

Ang *articles of cooperation* ay kinakailangang samahan ng mga sumusunod:

- garantiya (*bond*) ng mga pinunong mananagot (sinumang direktor, opisyal at empleado na humahawak ng pondo, panagot o anumang ari-arian sa pangalan ng kooperatiba). Ang mga punong tagapangasiwa ang siyang magpapasiya ng halaga ng garantiyang kinakailangan base sa naunang halaga na siyang isasama sa nabayarang kapital, bayad sa pagsapi at iba pang ari-arian ng kooperatiba sa oras ng pagpapatala; at
- sinumpaang pahayag ng ingat-yaman na nagpapakita ng hindi kukulangin sa 25% ng awtorisadong kaparteng puhunan na sinususkribi at hindi kukulangin sa 25% ng kabuuang suskribsyon na nabayaran na. Ang nabayarang puhunan (paid-up capital) ay kinakailangang hindi bababa sa P2,000. Kinakailangang nakasaad dito na walang kasapi ang magmamay-ari ng mahigit na 20% ng puhunang sinuskribi; at ang bawa't kaparte ay hindi dapat bumaba sa P1.00.

## CDA-MEO

RE-ASSIGNMENT AND DEPLOYMENT OF CDS II

| | | | |
|---|---|---|---|
| *1. | Michael B. Molina | Kalookan City | District I |
| 2. | Victorino S. Atanacio | Kalookan City | District II |
| 3. | Pedro T. Defensor, Jr. | Las Piñas | |
| *4. | Eileen Socorro I. Besana | Makati | District I |
| 5. | Aniceta C. Dalmacio | Makati | District II |
| 6. | Sergio E. Herrero, Jr. | Malabon | |
| 7. | Anastacia A. Hora | Mandaluyong | |
| 8. | Emerlinda G. Blones | Manila | District I |
| 9. | Geraldine M. Villanueva | Manila | District II |
| 10. | Lowella G. Astronomia | Manila | District III |
| 11. | Marivic C. Llobrera | Manila | District IV |
| *12. | Josefina G. Calanno | Manila | District V |
| 13. | Ermelina T. Racelis | Manila | District VI |
| 14. | Rosario B. Poblete | Marikina | |
| 15. | Leonardo A. Agcaoili | Muntinlupa | |
| 16. | Marilyn H. Abella | Navotas | |
| 17. | Augusto Salvador P. Balles | Parañaque | |
| 18. | Bonifacio T. Escamis | Pasay | |
| 19. | Gertrudes B. Abesamis | Pasig | |
| 20. | Calil G. Dimangadap | Pateros | |
| 21. | Gaetanina A. Familar | Quezon City | District I |
| 22. | Fernando S. Laquindanum, Jr. | Quezon City | District II |
| 23. | Shirley Ann T. Nonan | Quezon City | District III |
| *24. | Leticia Z. Gorospe | Quezon City | District IV |
| 25. | Sally S. Trinanes | San Juan | |
| 26. | Sofronio V. Aquino, Jr. | Taguig | |
| 27. | Prima Sarah R. Parague | Valenzuela | |
| 28. | William Z. Tambaoan | MEO | |
| 29. | Gloria P. Palisoc | MEO | |
| 30. | Lorna P. Salonga | MEO | |
| 31. | Proceso A. Berano, Jr. | MEO | |
| 32. | Arthur Lawrence L. Acierto | MEO | |

* City Program Coordinator